

# Prologue

*“Nandito po tayo ngayon sa St. Ignatius Hospital kung saan dinala ang beauty queen slash prime actress na si Amara Sanseveria matapos matagpuan diumano ng housekeeper nila sa loob ng banyo na walang malay at hindi na humihinga. Sa nasabing ospital din nagtatrabaho bilang cardiothoracic surgeon ang asawa ng actress—si Doctor...”*

“Doc, si Dr. Camacho na daw po ang mag-perform ng operation.”

Nanghihinang bumaling siya sa attending anesthesiologist na si Tom. “H-hindi. Ako dapat ang gumawa—”

“No, dude. Just be there for her,” Tom said.

Tuluyan nang nalaglag ang luha niya. Sobrang sikip ng dibdib niya. Sobrang sakit ng puso niya. Para iyong pinagpipira-piraso sa loob.

Nanginginig ang mga tuhod na naupo siya. “How is she?”

“Alam mo ang kondisyon niya. Kailangan niya ng bypass surgery. Mahusay na manggagamot si Dr. Choi, pero ang pinakamagandang magagawa natin ay magdasal na sana ay makayanan niya—”

“Bullshit!” galit na putol niya sa kaibigan. “Huwag mo akong kausapin na parang hindi ako doktor. I’m a heart doctor, pero ako mismo walang magawa para sa kanya. I feel so useless...”

Kapag may nangyaring hindi maganda sa asawa niyang si Amara, hindi niya mapapatawad ang sarili.

# CHAPTER *One*

*N*apababa si Melody mula sa kinauupuang mesa. “Ano? D-documentary?”  
Napapangiwing tumango ang babae.

“Bakit? Muntikan ko na ngang ibagsak ’yang dokyu na ’yan noong college ’tapos ’yan pa ang ibibigay sa ’kin ni Boss.” Pinaikot niya ang mga mata.

“W-wala naman akong magagawa, Melody. Si Boss ang nagsabi,” nauutal pang sabi ni Mari bago nagmamadaling umalis sa harapan niya.

“O, *anyare?* Tinakot mo na naman si Maria Makiling?” natatawang tanong ng lightman nilang si Dario. “Ikaw talaga, Melody, napaka-bully mo.”

Pinanlakihan niya ito ng mga mata. “Mas mukha kang bully sa ’kin, ’no? Kamukha mo kaya si

*Damulang sa Doraemon,*” asik niya sa lalaki at iiling-iling na naglakad palabas ng studio.

“Melody.”

Kunot-noo siyang lumingon sa pamilyar na tinig na iyon at hindi nga siya nagkamali sa naisip. Ang camera man na si Jude ang tumawag sa kanya. Mas kilala na si Jude ngayon sa bansag na Nobita—dahil sa kagagawan niya. Unang pagkikita pa lamang nila tatlong taon na ang nakararaan ay tinawag na niya itong Nobita dahil sa malalaking bilog nitong salamin sa mata. Mababa at mabagal din itong magsalita, at higit sa lahat, tila paborito nitong isuot ang yellow polo shirt na uniform ng mga camera man kahit na hindi required na gamitin iyon.

Bully rin ang bansag nito sa kanya sa kanilang news network.

“Bakit?” taas ang dalawang kilay na tanong niya sa lalaki.

“N-nasabi na ba sa ’yo ni M-Mari?” tanong nito.

“Yong sinabi ni Boss? Oo, badtrip nga, eh,” nagsisimula na namang mainis na sagot niya. Napagdiskitahan niyang pindutin nang paulit-ulit ang elevator button kaysa ibunton sa kawawang si Jude ang pagkainis niya.

Tumangu-tango ito. “Ah, alam mo na d-din—”

“Nobita, ayusin mo nga ’yang pagsasalita mo, lalo lang akong naiinis, eh,” sikmat niya rito. Hindi niya kasi maintindihan kung bakit ito takot na takot sa kanya.

Maganda ang nanay niya kaya sigurado siyang maganda rin siya. Sa madaling salita—*diyosa*.

Tumikhim si Jude. “P-pasensya na. Ah, ang gusto ko lang itanong ay kung alam mo na a-ako ang...” Natigilan ito at alangang tumingin sa kanya.

“Ikaw ang...?”

“C-camera man mo sa d-documentary...” saad nito.

Taas ang isang kilay niyang tinitigan ang kinakabahang mukha ng katrabaho. In fairness, may hitsura si Jude. Matangkad din ito sa kanya o baka dahil iyon sa maliit talaga siya. Maganda rin ang pangangatawan nito at sobrang linis sa sarili. Sumisigaw ng prim and proper ang buong pagkatao nito sa araw-araw na pagpasok nito sa trabaho.

“Ikaw talaga?” tanong niya.

“O-oo, w-wala rin naman akong m-magagawa, Melody. A-ako ang in-appoint ni Boss. P-pasensya na, a-alam kong hindi a-ako ang gusto mo—”

Hindi na nito naituloy ang sinasabi nang akbayan niya ito. “Anong hindi gusto? Ikaw nga ang

gusto kong partner, eh!” *Dahil susundin mo lahat ng gusto ko!*

“T-talaga?” tila di makapaniwalang tanong nito.

“Oo naman! Tara na sa baba, pag-usapan natin ang project natin habang nagkakape,” aniya at hinatak na ito papasok sa elevator.

Um-order sila ng dalawang Café Americano at dalawang slice ng choco moist cake. Inilatag ni Jude sa mesa ang mga detalyeng para sa gagawing documentary.

“Ano ’to? Kailangan mamundok pa tayo para lang makakalap ng impormasyon? Grabe namang pahirap ’to,” reklamo niya nang mabasa ang first page ng outline. “Saka bakit wala siyang particular category na sinulat dito? Ano’ng tingin niya sa ’kin, manghuhula?”

“Melody, h-hinaan mo boses mo, baka may staff na taga-*PDN* sa paligid na m-makarinig,” saway sa kanya ni Jude.

Napabuntong-hininga siya. May tatlong taon na ang nakalipas mula nang matanggap siya sa *Pristine Daily News* bilang TV reporter, pero hanggang ngayon ay wala pa rin siyang matinong exposure.

Nasalang siya bilang showbiz reporter sa *Pristine Morning News* noong unang dalawang

taon niya. Umay na umay na siya sa mga showbiz issues. Sa ikatlong taon niya sa trabaho ay nagpasya siyang kausapin na ang immediate boss nila para magtanong tungkol sa promotion.

Kung mananahimik lang kasi siya sa isang tabi at maghihintay na mapansin ay matutulad siya sa mga katrabahong inabot ng limang taon o higit pa bago naging anchor. Interview pa lang ay ipinagdiinan na ni Melody na target niyang maging isang news reporter sa seven o'clock news.

“Badtrip,” aniya. “Siguro naalala ni Boss iyong sinabi ko sa interview niya sa ’kin noong aplikante pa lang ako na paggawa ng documentary ang pinakaayaw ko.”

“Lahat ng reporter g-gumagawa ng d-documentary, hindi ka p-puwedeng maging newscaster k-kung hindi ka marunong gumawa ng d-dokyu...” sagot ni Jude.

Napabuntong-hininga na naman siya. May punto si Jude, pero ayaw niya talagang mamundok! Gusto na niyang makaupo sa anchor seat ng seven o'clock news. Nalamukos niya ang mga papel.

“Bakit niya ba ’to ginagawa sa ’kin?”

“Melody, g-gusto mong makakuha ng air-time reporting sa breaking news, di ba? Uhm, b-bakit

hindi mo na lang g-gawin ito? P-patunayan mo kay Boss na k-kaya mo ang ipinapagawa niya p-para ibigay niya na sa 'yo ang g-gusto mong position," suggestion ni Jude.

Ngumiti siya at muling tinitigan ang lalaki. "Sa tingin mo ba dapat akong makinig sa 'yo dahil mas matagal ka na sa 'kin sa trabahong 'to?"

Marahas itong umiling. "Hindi sa gan'un! Ang i-ibig ko lang naman sabihin—"

"Okay lang, tama ka naman, eh." Nagpaalam na siya rito. "Uuwi na 'ko, mag-re-research muna ako kung saang bundok magandang pumunta, baka makahanap tayo ng feral child."

"I-ihahatid na kita, g-gabi na kasi..." tila nahihiyang sabi nito.

Nagkibit-balikat siya. "Sige, tara."

Pagdating nila sa parking lot ay nagulat siya nang makita kung ano ang sasakyan nila. "Rouser? Ito talaga ang gamit mo?"

Tumango ito. "M-matagal na, h-hindi mo pa ba alam?"

"Magugulat ba ko kung alam ko? At isa pa, palagi akong nauunang umuwi sa 'yo."

Tumawa ito. "Ikaw ang pinakaunang umuuwi sa lahat."



Nagpahatid na lamang si Melody sa maliit na grocery store ng uncle niya sa palengke ng Blumentritt para sabay na silang umuwi ng tiyuhin.

Noong kabataan ng uncle niya ay isa itong radio announcer, pero dahil sa labis na paninigarilyo ay naoperahan ito sa lalamunan. Nasira ang magandang boses nito pati na ang magandang career sa radyo.

“Uncle, may alam ka bang bundok na malapit lang dito sa Maynila?” tanong ni Melody sa tiyuhin habang naglalakad sila sa kahabaan ng *Abad Santos Road*.

“Bundok na malapit? *Mt. Makiling*,” sagot nito.

Umiling siya. “Laguna iyon, malayo pa din. Iyong mas malapit pa para hindi na ’ko gagastos sa pamasaha. Mag-mo-motor na lang kami ni Nobita.”

Huminto sa paglalakad ang Uncle niya. “Nobita? ’Yung naghatid sa ’yo?”

Pinatag niya ang kunot sa noo nito gamit ang hintuturo. “O, mali ’yang iniisip mo! Katrabaho ko lang ’yon,” pangunguna na niya rito. Kabisado na niya ang bawat ekspresyon sa matandang mukha ng uncle niya.

Ang Uncle Ted na niya ang nag-alaga sa kanya simula pa noong bata siya. Ang mga magulang niya ay nagkahiwalay at nagkaroon na ng kanya-

kanyang pamilya. Iniwan siya ng mga ito sa tiyuhin dahil kapwa ayaw magkaroon ng sabit sa magiging bagong pamilya.

Ngayong malaki na si Melody ay labis niyang ipinagpapasalamat na inabandona siya ng mga ito dahil naging maayos naman ang buhay niya sa Uncle Ted niya, kumpara sa mga magulang niya na palagi lamang nag-aaway noon. Dahil din sa tiyuhin ay nagkaroon siya ng pangarap—ang pangarap na ipagpatuloy at ipagtagumpay ang naudlot nitong broadcasting career.

“Nobita ba talaga ang pangalan n’un?” Napailing ito. “Baka bansag mo lang ’yon sa kanya, Melody? Ikaw, ilang beses na kitang pinagsabihan na masamang tinatawag mo sa kung ano-anong pangalan ang mga taong kilala mo,” pangaral nito na nasundan agad ng malutong na pitik sa tainga.

Napahiyaw siya sa sakit. Wala pa ring kupas ang lakas nito pagdating sa pamimitik ng tainga niya. Hinaplos niya agad ang taingang pinitik nito. “Uncle naman!”

“Ikaw kasi, hindi ka marunong makinig,” sabi nito na bibigyan pa sana siya ng kutos pero mabilis na niyang nailagan. “Melody, beinte-cinco ka na, napakaisip bata mo pa din.”

“Eh, sa si *Nobita* ang naaalala ko sa kanya, ’tapos iyong boss ko parang si *Doding Daga*,” pabulong pang habol niya na mukhang nakalusot sa pandinig ng tito niya dahil hindi ito nag-react. “Sige na, Uncle, baka may alam ka pang bundok.”

Nag-isip ito. “Iyong *Mt. Balagbag*, sa Bulacan lang ’yon. San Jose Del Monte.”

“Uy, puwede!”



“Astig ’to, ha! Kanino mo naman nahiram ’tong 4X4 na ’to, *Nobita*?” tanong niya kay Jude na abala sa paglalagay ng mga gamit nila sa likod ng sasakyan.

“Sa kuya ko, ipinahiram niya sa ’kin,” sagot nito. “Ito lang ba lahat ng gamit mo, *Melody*?”

Lumapit siya sa binata at ngumiti. “Aba, hindi ka na masyadong nauutal, ah.”

Napakamot ito sa batok.

Hinampas niyang muli ang balikat nito nang malakas na halos mawalan ito ng balanse. “Cute ka pala? Kamukha mo si *Lee Jung Hwan*!” At pinisil niya nang mariin ang magkabilang pisngi nito.

“Aray, *Melody*!” reklamo ni Jude pero hindi makuhang hawakan ang dalawang kamay niya para tanggalin sa mga pisngi nito.

Mayamaya ay siya naman ang napahiyaw sa sakit

nang may kumutos sa kanya. Pagharap ay sinalubong siya ng nakaambang daliring pampitik ng Uncle Ted niya. Dali-dali siyang umatras at nagtago sa likuran ni Jude habang nakatakip ang dalawang palad sa magkabilang tainga.

“Uncle!”

“Ikaw talaga, Melody! Napaka-bully mong bata ka!” sita ng matanda.

“Uncle, ang aga-aga! Bakit po ba gising na kayo agad? Alas cuatro pa lang ng madaling araw!”

“Paano akong hindi magigising, eh, napakaingay mong kumilos sa bahay?” sagot nito bago binalingan ang kasama niyang si Jude. “Ikaw ba ang katrabaho ni Melody?”

Tumango si Jude. “Opo, ako po si Jude Sebastian. Camera man po ako ni Melody.”

“*Kitams!* Kapag sa iba hindi ka nauutal, pero kapag ako kausap mo nagkaka-speaking disorder ka,” puna niya pa.

“Napaka-bully mo kasi,” sabi agad sa kanya ng uncle niya. “Sa Bulacan na ba ang derecho n’yo niyan?” tanong nito kay Jude.

“Opo, nakuha ko na din po kasi lahat ng kailangan namin sa studio kahapon kaya dederecho na po kami sa Bulacan,” magalang na sagot ni Jude

sa uncle niyang nagsimula na namang magsalubong ang mga kilay nang bumaling sa kanya.

“Pinabayaan ka lang ni Melody na gawin lahat ’yon?” Tapos ang ginawa niya lang kahapon humilata sa bahay—”

“Uncle, nag-re-research po ako kahapon—”

“Nag-re-research habang natutulog?” sabi nito sabay amba ng kutos. Inilagan niya kaagad iyon. Naiiling itong bumaling uli kay Jude. “Kayo lang bang dalawa?”

“Opo, pinapahirapan talaga ako ni Boss, eh.” Si Melody na ang sumagot. “O, sige na, Uncle. Aalis na kami, baka abutan pa kami ng traffic sa daan.”

“Sige, mag-ingat kayo.” Bumaling ito kay Jude. “Bantayan mo ’yang si Melody, Jude, ha? Malikot ’yan.”

“Uncle talaga! Sige na po, ba-bye na po,” paalam niya at yumakap nang mahigpit dito. “Tatawagan ko po kayo kapag nakarating na kami sa Bulacan.”



“Melody... Melody!”

Umungol siya bilang protesta, masyado pang maaga para gisingin siya. Pumaling siya sa kanan at tumama ang noo niya sa windshield ng sinasakyan. Saka niya naalala kung nasaan siya. Agad siyang

nagmulat ng mga mata at iginala ang tingin sa paligid.

“Nasaan na tayo?” tanong niya sa kasama.

“Nasa Igay, dito daw ang papunta sa Licao-Licao,” sagot ni Jude.

“Saan ka magpa-park? Makakatuloy ba ito sa bundok?”

Umiling ito. “May nakausap na ’kong residente, puwede daw tayong mag-park sa tapat nila.”

“Di ba ’yong Licao-Licao parte na ’yon ng *Mt. Balagbag*?”

Tumango si Jude. “Malapit lang naman daw, pero sabi ng mga residente dito kapag ganitong maulan, eh, siguradong maputik daw sa dadaanan kaya lakad lang ang puwede. Masyadong madulas para sa sasakyan.”

“Kanina pa ba tayo nandito? Ang dami mo nang nakausap, bakit hindi mo pa ’ko ginising?” salubong ang mga kilay na tanong niya.

Binuksan ni Jude ang bag na naglalaman ng rubber shoes niya, kinuha iyon at inilapag sa tapat ng mga paa niya. “Kanina pa kita ginigising.”

Napalabi siya. “Napuyat kasi ako sa kaka-research.” Nagsuot na siya ng rubber shoes. “May nabasa akong isang article, may misteryosong

manggagamot daw na nakatira sa bundok ng *Mt. Balagbag*.”

“Maraming albularyo sa bundok,” sagot ni Jude, nakatuon sa mga paa niya ang mga paningin.

“Hindi siya albularyo. Manggagamot talaga siya at hindi siya gumagamit ng kandila, langis, tawas or palaspas sa pagda-diagnose.”

“Eh, di ipagtanong natin sa mga residente ng Licao-Licao. Siya na ang target subject natin.”



“Nakita n’yo na po ba nang personal ang misteryosong manggagamot sa Bundok ng Balagbag?” tanong ni Melody sa may edad nang residenteng may-ari ng tapsihan malapit sa paanan ng bundok.

Si Jude ay hawak ang isang camcorder na nakatutok sa ini-interview.

“Hindi pa, eh, saka hindi ko alam kung totoo ba ’yon. Sabi-sabi lang ng mga taong umaakyat diyan sa bundok,” sagot ng matanda.

Napangiwi siya, agad na bumaling kay Jude. “I-edit mo ’yan,” bulong niya at muling nagtanong sa isa pang tambay. “Alam n’yo po ba o narinig n’yo po ba kung ano ang pangalan ng misteryosong manggagamot?”

“Hindi rin—”

“Tarzan,” sabat ng isang matandang lalaking customer sa tapsihan. Nasa kalapit lamang itong mesa.

“Ilipat mo ang camera,” agad niyang utos kay Jude na sumunod naman. Nagpakilala siya sa matanda. “Manong, ako po si Melody Marasigan ng *Pristine Daily News*. Maaari n’yo po bang ulitin ang pangalang binanggit n’yo?”

Ngumisi ang matanda. “Ang manggagamot na itinatanong n’yo, si Tarzan iyon.”

“T-Tarzan po?” kunot-noong ulit niya.

Iniangat ng matanda ang kaliwang laylayan ng pantalong suot at ipinakita sa kanila ang binti na may pahabang peklat. Bakas pa rin doon ang mga markang iniwan ng pagkakatahi.

“Siya ang tumahi sa sugat ko dito noong madulas ako sa batuhan ng *Ilog Maranat*,” paliwanag ng matanda. “Hindi siya nagpapabayad, pero hindi rin siya nagpapakilala. Palagi siyang nakasuot ng kapote kahit maaraw at balbas-sarado ang mukha niya.”

“Nakuha mo ba?” tanong niya kay Jude bago muling binalingan ang matanda. “Kung gan’on po, ang pangalang Tarzan na sinasabi n’yo ay bansag lamang sa kanya dahil sa kanyang hitsura?”



Tumango ang ini-interview. “Kamukha niya kasi si Tarzan.”

“Alam n’yo po ba kung gaano na katagal ang manggagamot na ’yon sa bundok?” Si Jude ang nagtanong.

Ipinilig ng matanda ang ulo na waring nag-isip. “May tatlong taon na rin noong huling makita ko siya, pero siguro may isang dekada na siyang nariyan. Nagulat ako noong sumulpot siya noon sa gubat. Sa tingin ko nga ay dayuhan ang lalaking iyon dahil matangkad. Baka sinisimulan na naman tayong sakupin ng mga Kano, at susunod ang mga Hapon...”

Tumikhim si Melody. “Sige po, maraming salamat,” putol niya rito at nagpaalam na matapos kunin ang pangalan nito.

“Naniniwala ka kay Manong?” kunot-noong tanong ni Jude.

“Alam mo, ang magaling na reporter na katulad ko, hindi basta-basta naniniwala. Pero lahat ng detalyeng naririnig at nalalaman ko, ginagamit ko para alamin ang katotohanan, at malakas ang kutob kong totoo ang misteryosong manggagamot na ’yon,” sagot niya at tinanaw ang mataas na bundok.

## CHAPTER *Two*

“*P*agod na ’ko...” reklamo ni Melody. “Nasaan na ba tayo?”

Muling tiningnan ni Jude ang hawak na cellphone. “Ang sabi ng navigator ko malapit na daw tayo sa *Maranat River*.” Napailing-iling ito. “Mali ’ata dinaanan natin.”

“Ano? *Jusko*, ibig sabihin naliligaw tayo? Hindi naman kalakihan ang bundok na ’to, naligaw pa tayo!” inis na bulalas niya. “Gusto ko nang kumain. Ilang metro pa ba ang layo ng *Maranat River* na ’yan?”

Napakamot si Jude sa batok. “Isang kilometro pa—”

“*Naknampots!* Nagwawala na ang mga alaga ko

sa tiyan. Gusto ko nang kumain...” Umikot siya sa likuran ni Jude at kinalkal ang backpack nito. “Ilabas mo na ’yong mga *treasures* mo dito, gutom na ’ko.”

“Eh, Melody... naubos mo na lahat ng chocolates. Last na ’yong ibinigay ko sa ’yo kanina,” sagot ng binata.

“Ano?” Nanlulumo siyang sumalampak sa damuhan. “Pero gutom na talaga ako, baka puwedeng dito na lang tayo mananghalian.”

“Sige, magpahinga na muna tayo.” Lumilingalinga si Jude sa paligid. “Doon tayo sa malaking puno.”

Inilatag nito ang malaking foil mat para maupuan nila, at isa-isang inilabas mula sa malaking backpack ang mga food containers ng pagkain. Hindi naman niya napigilan ang mapanganga sa gulat, hindi niya kasi inakalang ganoon pala kadami ang laman ng malaking backpack nito.

“Grabe! Parang dinala mo na ang buong kusina n’yo, ha!” bulalas niya. “Ikaw nagluto lahat niyan?”

Nahihiyang tumango si Jude. “Naisip ko kasing baka hindi ka na makapagluto dahil sa pagresearch sa assignment natin.”

“Ang thoughtful mo naman!” komento niya bago nilantakan ang mga pagkaing dala nito. “Okay lang

ba kung maubos natin 'to? Gutom na kasi talaga ako.”

“Oo naman, para sa 'yo talaga 'yan.”

Pagkatapos mananghalian ay nag-request pa siyang magpahinga muna nang ilang minuto na inabot ng isang oras dahil nakatulog siya sa mismong kumot na inilatag ni Jude. Paggising niya ay saka sila muling naglakad.

Pagkalipas ng isa pang oras na paglalakad ay narating na nila ang *Maranat River*.

“Kuhaan mo ako ng linya dito,” sabi niya. Tumuntong siya sa isang malaking bato.

“Mag-ingat ka,” sabi ni Jude at saka itinutok sa kanya ang camera lens. “3, 2, 1...” Pumitik ito bilang go signal na nag-re-record na ang camera.

“Narito po tayo ngayon sa *Maranat River*, kung saan sinabi ng matandang si Ka Tado na nakita at nakadaupang palad niya di-umano ang misteryosong albularyo na tinatawag nilang Tarzan...”

Mabagal na inilibot ni Jude ang camcorder sa paligid ng mabatong ilog para mas maiparating sa mga manonood kung anong klaseng lugar ang kinalalagyan ng hinihinalang modernong albularyo ng Bulacan.

“Ayon sa mga residente ng Brgy. Licao-Licao, ang albularyong tinatawag na Tarzan ay mailap sa

mga tao, hindi nakakausap at kadalasan ay nakatago lamang ang mukha sa malaking hood ng suot na kapote. Ang albularyong ito ay minsan nang namataan sa ilog na ito ng ilang mga mountaineers at residente na nagagawi rito. Tinawag nilang albularyo ang misteryosong lalaki dahil kapag may mga aksidente sa lugar na ito ay lumalabas mula sa kakahuyan ang misteryosong lalaki at walang pag-aalinlangang tumutulong at nabibigay ng di lamang paunang lunas kundi tulong medikal sa mga nasusugatan.”

Naglakad siya ng ilang hakbang sa patag na ibabaw ng malapad na batong tinutuntungan at inilibot ang paningin sa mapunong paligid ng ilog.

Kasabay ng paglakad ni Melody ay ang pag-zoom out ng camera ni Jude para makuhaan ang malawak na background niya.

“Sino nga kaya ang misteryosong albularyo na nagpapakita lamang sa tuwing may taong nangangailangan ng tulong sa ilog na ito?” Tumitig siya sa camera lens at nag-zoom in na naman ang camera para sa epic na closing ng B-roll niya. “Sabay-sabay natin alamin kung sino nga ba si Tarzan... ng Mt. Balagbag.”

Sumenyas si Jude ng ‘okay’ sign bago nito ibinaba

ang camcorder na nakatutok sa kanya.

“Perfect! Ang galing mo, Melody!” malaki ang ngiting komento ni Jude. “S-sandali, huwag ka munang bumaba, tutulongan kita.” Dali-dali itong lumapit sa kanya para maalalayan siya sa pagbaba.

“Ako pa ba? Isinilang talaga ako para maging reporter, ’no. Salamat,” nakangiting sabi niya sa mabait na camera man. “Malakas ang pakiramdam kong malapit lang dito ang bahay ng misteryosong manggagamot na ’yon.”

“Kung dito siya madalas na mamataan ng mga tao, malamang nga na n-nasa paligid lang ang c-cabin niya.”

Nang makatapak na ang mga paa niya sa tuyong parte sa tabing-ilog ay binitiwang na ni Jude ang kamay niyang hawak nito. Pero sa halip na pakawalan niya ang kamay nito ay lalo niya pa iyong hinigpitan.

“Ang lambot ng kamay mo, grabe!” bulalas niya habang pinipisil-pisil pa ang palad ng camera man.

Lalo namang namula ang mukha ng lalaki. Pinilit nitong bawiin ang kamay sa kanya pero hindi niya binitiwang.

“M-Melody... k-kailangan na n-nating m-mag-umpisang maglakad uli. Hapon na k-kasi baka

gabihin t-tayo.”

Ngumisi siya. “Alam mo, Nobita, ang cute mo talaga!” Inabot niya ang namumulang mga pisngi ng lalaki at pinisil iyon.

“Aww! T-tama na,” pagmamakaawa nito.

“Ang cute mo kasi,” napapabungisngis pang sabi niya bago binitiwang ang mga pisngi nito. “O, siya. Saan tayo maghahanap?”

Nilibot nila ang paligid ng Maranat River, pero inabot na sila ng dilim ay wala pa rin silang nakita kahit isang kubo man lang doon.

“Subukan kaya natin sa banda d'on?” magkadikit na ang kilay sa pagod na suhestyon niya sa pagod na ding camera man.

“P-pero masyado nang masukal doon, Melody. At isa pa, g-gabi na din b-baka maaksidente pa t-tayo,” sagot ni Jude.

“Paano 'yan? Hindi tayo puwedeng sumuko hangga't hindi natin nakikilala ang misteryosong lalaking 'yon!”

Tumangu-tango si Jude. “N-naiintindihan ko, Melody. P-pero kailangan na muna nating magpahinga. P-palipasin na muna natin ang gabi.”

“Saan tayo magpapalipas? Dito? May dala ka bang tent?”

Inilapag ni Jude ang backpack. “Mayroon akong dala d-dito, kaya lang i-isa lang—”

Agad na niyang sinunggaban ng yakap si Jude. “The best ka talaga!”



## CHAPTER *Three*

*M*aingay ang patak ng ulan sa mababang bubong ng cabin ni Clark. Agad niyang pinatay ang apoy sa nilulutong corn soup at patakpong lumabas ng bahay.

Nakahinga siya nang maluwag nang makitang maayos ang kulungan ng mga manok at baboy sa likod-bahay. Nang masigurong hindi nababasa ang mga alagang hayop ay nagpasya na siyang bumalik sa loob ng cabin.

Papasok pa lang siya sa pinto nang makarinig ng mga pagsigaw. Nilingon niya ang pinanggalingan ng mga sigaw, nagmumula iyon sa ibaba ng bangin di kalayuan sa kinatitirikan ng kubo niya.

Sinipat niya ang suot na relo, mag-a-alas-seis na

ng umaga pero madilim pa.

Nang mawala ang mga pagsigaw ay naisip niyang huwag na lang iyong pansinin, bumalik siya sa kusina at ipinagpatuloy na ang pagluluto ng agahan. Pero hindi maalis sa isip niya ang tinig ng sumigaw.

*Parang boses ng babae*, naisip ni Clark.

Nang kumulo na ang sabaw ay isa-isa niya nang inilagay ang mga sahog. Hininaan niya ang apoy at sunod na hinugasan ang mga ginamit na lalagyan.

Tapos na siyang magluto nang maingay na pumasok sa bahay niya ang alagang si Baki. Tahol ito nang tahol na parang sinasabing sumunod siya dito sa labas.

“May nakita ka na naman bang kambing sa gubat?” tanong niya sa aso bago sumunod sa nagmamadaling alaga.

Dinala siya nito sa gilid ng bangin. Nagpatuloy lang sa pagkahol ang aso habang nakatuon ang tingin sa ibaba ng bangin.

“May tao bang nalaglag sa ibaba?” tanong ni Clark kay Baki.

Nagpadausdos ang aso niya pababa sa bangin. Tinawag niya ito, pero nagpatuloy lang ito sa pagbaba. Patakbo siyang bumalik sa cabin para kumuha ng maaaring gamitin sa pagbaba.

Pagbalik niya ay patuloy pa rin sa pagtahol ang aso niya na nasa ibaba na. Itinali niya ang lubid sa baywang. Nakatali nang mahigpit ang kabilang dulo ng lubid sa katawan ng malaking puno isang dipa ang layo sa bangin.

Dahan-dahan siyang bumaba. Hindi pa man siya tuluyang nakakababa ay nilapitan na siya ng aso niya na wala pa ring tigil sa pagtahol. Tinanggal niya ang lubid sa baywang at sumunod sa aso.

Ilang metro mula sa binabaan niya ay natagpuan niya ang isang nakahandusay na babae. Dali-dali niya itong nilapitan at pinulsuhan. Nakahinga siya nang maluwag nang maramdaman ang pintig ng pulso nito sa leeg. Tinapik niya ang pisngi ng babae pero hindi ito nagigising. Mukhang wala naman itong malalang pinsala maliban sa sugat sa noo na medyo nagdurugo.

Sa pangalawang pagkakataon ay sinubukan niyang gisingin ang babae, umungol lang ito na parang nasasaktan.

Sinipat niya ang likudang bahagi ng ulo nito para masigurong maaari niya itong buhatin nang hindi mapapalala kung may nabali man dito. “Ano’ng masakit sa iyo?”

“A-ang paa ko... a-ang sakit...” daing nito.

“T-tulungan mo ’ko... p-pakiusap...” Inabot ng kamay nito ang braso niya at hinawakan iyon nang mahigpit.

Ilang taon na siyang naninirahan sa bundok na ito at kabisado na niya ang lahat ng maaaring papunta sa cabin niya. Ang pinili niya talagang lugar na pagtatayuan ng kubo ay iyong medyo isolated.

“Naaalala mo pa ba kung paano ka nahulog sa bangin?”

Nagmulat ng mga mata ang babae. “N-naglalakad lang ako kanina... ’tapos may humabol sa ’kin na hayop...” sagot nito.

Napakunot-noo siya, bukod sa mga ahas ay walang ibang mababangis na hayop sa bundok ng Balagbag. Maaaring isang malaking baboy-ramo ang humabol dito.

Nabaling ang tingin niya sa asong si Baki. Great Dane ang aso niya at malaki ito, makintab ang itim na balahibo at madalas mang-hunting ng kambing at iba pang mas maliliit dito. Malaki ang posibilidad na ang aso niya ang sinasabi ng babae na humabol dito.

“Kaya mo bang bumangon?” tanong niya sa babaeng nakapikit nang muli ang mga mata. Mahigpit pa rin ang pagkakahawak nito sa braso niya na parang natatakot na baka bigla na lang

siyang umalis. Hinawakan niya ang nanginginig nitong kamay. “Hindi kita pababayaan dito, huwag ka nang matakot...”

Dahan-dahan itong nagmulat uli. “M-masakit ang paa ko... sobra...”

Tumangu-tango siya. “Sige, bubuhatin na lang kita.”

Maingat niyang binuhat ang babae. Hangga’t maaari ay iniawasan niyang tumulong para na rin hindi siya makilala ng iba.

Kaya nga niya piniling manirahan sa bundok ay dahil gusto niyang malayo sa ingay ng siyudad, malayo sa mga taong walang ginawa kundi ang manghusga ng kapwa. Pero sadyang hindi niya kayang talikuran ang mga taong nangangailangan ng tulong lalo na sa ganitong pagkakataon.

“Konting tiis lang, gagamutin natin ang sugat mo...” bulong niya sa babaeng tuluyan nang nawalan ng malay.



Iminulat ni Melody ang mga mata nang maramdaman ang tila hot compress sa paa niya. Sunod niyang naramdaman ang paghawak ng magaspang na kamay sa binti niya. Nag-panic siya at sinubukang sipain ang kung sino mang nakahawak

sa kanya pero nagdulot lamang ang kilos niyang iyon ng tagos sa butong sakit.

Napahiyaw siya sa sobrang sakit.

“Huwag ka munang kumilos kasi.”

Napakunot-noo siya sa baritonong tinig. Lumingon siya sa kanan niya at nakita ang isang matangkad na lalaki. Nakasuot ito ng gray hoody jacket at cargo shorts na lagpas-tuhod. Hindi niya masyadong maaninag ang mukha nito dahil hindi sapat ang liwanag na nagmumula sa light bulb sa bandang pinto ng may kaliitang kuwartong iyon.

*Teka... nasaan ba ako?* tanong niya sa sarili.

Inilibot niya ang tingin sa kuwartong kinaroroonan. Walang masyadong kagamitan doon, tanging ang maliit na wall fan lamang at ang kamang hinihigaan niya. Napansin niya ang luminous digital clock sa pader na animo’y shot clock sa basketball court.

“Masakit pa rin ba ang ulo mo?”

Bumalik siya sa kasalukuyan dahil sa buong boses ng lalaki. Parang hindi bagay ang guwapong boses sa hitsura nito. Mukha itong ermitanyo kung di man albularyo.

*Albularyo? Hindi kaya siya na ang hinahanap ko?*  
Nanlalaki ang mga matang napatitig siya sa lalaki.

*Tatanungin ko na ba siya agad? Pero ang sabi ng mga tao, mailap daw ang albularyo at hindi nakikipag-usap basta-basta! Kailangan ko munang maghanap ng magandang tiempo...*

Lumapit sa kanya ang lalaki at sinalat ang noo niya. “Masakit ba ang ulo mo?”

Mabagal siyang tumango. Totoong masakit ang ulo niya at lalo na ang paa niya.

“Dahil sa pagkakauntog mo ’yan,” sabi nito at sunod na tiningnan ang paa niya. “Titingnan ko itong paa mo at namamaga.”

Muli siyang tumango. “M-masakit...” daing niya.

Tumango ang lalaki. “Sprain lang naman.”



Pumasok sa kuwartong kinaroroonan nila si Baki at sunod-sunod na tumahol. “Baki!” saway ni Clark sa aso.

Sa takot ay napayakap sa baywang niya ang babae. Tila nanginginig ito sa sobrang takot. “U-Uncle...” umiiyak nang sambit nito.

Hinawakan niya ang magkabilang balikat ng babae para kumalas sa pagkakayakap nito sa kanya. “Huwag kang matakot, hindi ka niya kakagatin hangga’t nandito ka sa loob ng bahay. Hindi pa lang

siya sanay sa 'yo kaya siya ganyan.”

Alangan itong nag-angat ng tingin sa kanya. “Sigurado ka? Siya 'yong humabol sa 'kin k-kanina...”

Tinangan niya ang babae. Nang tumigil na ito sa pag-iyak ay dumistansya siya agad dito. “Mabuti at mababaw lang ang sugat mo sa noo.”

Sinalat nito ang noo na may bandage. “S-sino ka ba?”

“Hindi mo na kailangan malaman kung sino ako, hindi ka naman magtatagal dito,” sagot niya.

“Pamisteryoso...” bulong ng babae.

Kahit sobrang hina lang niyon ay umabot pa rin iyon sa pandinig niyang nahasa na ng matagal na panahong paninirahan sa tahimik na bundok.

“Kukuha muna ako ng makakain mo.” Palabas na siya ng pinto nang may maalalang sabihin dito. “Iyong mga damit mo nga pala nilabhan ko na sa washing machine. Basang-basa ka kasi kanina, saka kailangan kong siguruhin na wala ka nang iba pang malalang sugat na tinamo maliban sa noo at sa tuhod.” Itinuro niya ang plastic na nakasabit sa maliit na bintana ng kuwarto. “Tuyo na kasi na-dryer ko na rin.”

Nang ibaling niya ang paningin sa babae ay nanlalaki na ang mata nito sa pagkabigla. Tiningnan



nito ang sarili—suot nito ngayon ang malaki niyang puting T-shirt. Pinagkrus pa nito ang mga bisig sa dibdib bago matalim ang mga matang tumingin sa kanya.

“B-bakit kailangan mo pang t-tanggalin ang mga damit ko?” Sa kabila ng malamlam na ilaw ay kitang-kita niyang namumula na ang buong mukha nito, kung sa hiya o galit ay hindi niya sigurado.

“Kung hindi ko ginawa ’yon, baka magka-pneumonia ka. At isa pa, responsibilidad kita dahil aso ko ang dahilan kung bakit ka nalaglag sa bangin at nagkaroon ng galos at minor fracture sa paa.”

“Pero hindi mo ’ko kailangang hubaran! Manyak ka sigurong matanda ka!” galit na galit na bulyaw ng babae,

Kung wala lang siguro itong iinindang sprain ay baka kanina pa siya nito sinugod at pinagsusuntok.

Nagdikit ang makakapal na kilay niya. “M-matanda? Sinong matanda? Ako? Hindi ako manyak.” Napailing siya at nagkibit-balikat. “Huwag ka munang magkikilos para hindi na lumala ang sprain mo.”

Bago pa man ito makasagot ay mabilis na siyang lumabas ng pinto. Pagbalik niya sa kuwarto ay nakahiga na muli ang babae. Nakatuon ang tingin

nito sa kisame ng kuwarta na waring malalim ang iniisip.

“Humihingi ako ng paumanhin sa ginawa ni Baki.”

Nangunot-noo ito. “Sinong Baki?”

“Iyong aso ko.” Inilapag niya ang tray ng pagkain sa mesita sa tabi ng kama nito. Inabot niya ang medicine kit na nasa ilalim ng mesita. “Stay still,” utos niya. “Papalitan ko muna ang bandage ng sugat mo sa noo bago ka kumain.”

“Bakit may mga syringe at ang daming gamot d’yan sa kit mo? Talo mo pa yata ang ospital ng bayan dito.”

“Alam mo, napakadaldal mo.”

“At ikaw naman, parang hindi ka taga-bundok,” sagot nito.

“I once lived in the city. Katulad mo naghahanap lang din ako ng maaliwalas na lugar para huminga.”

Natahimik ito at na-realize niyang masyado siyang maraming nasabi. He was not his usual self.

Nilagyan niya ng antiseptic ang sugat nito bago tinakpan ng bandage.

“You can’t stay here,” sagot niya. “Bago dumilim, ihahatid kita sa kung saan man kayo ng grupo mo nagtayo ng tent—”

“Mag-isa lang ako!” putol nito. “At saka kasalanan ng aso mo kung bakit ako naaksidente. Kapag hindi ka pumayag na manatili ako dito, irereklamo kita. Dahil sa aso mo hindi ako makakapasok sa trabaho.”

“Reklamo?” Pinigil niya ang matawa. “Hindi ka puwede dito,” ulit niya, bago pinagtuunan ng pansin ang kanang paa nito.

Bahagya nang umimpis ang pamamaga niyon. “Para lang makasiguro, magpa-X-ray ka agad—”

“Hindi pa nga ’ko makakaalis agad. Let me stay here, kahit hanggang sa mawala na ’yong pamamaga sa paa ko, please?”

Napabuntong-hininga si Clark. Sa loob lang ng dalawang araw ay baka nga maayos na ito. “Okay, pero two days lang, ha?”

Gumuhit ang ngiti sa mga labi nito. “Salamat!”  
“Kumain ka na.”



Paglabas ng lalaki sa pinto ay dali-dali siyang bumangon. Sinubukan niyang igalaw ang nakabendang paa pero nagdudulot lang iyon sa kanya ng matinding sakit. Itinuon na lamang niya ang atensyon sa pagkain.

“Kung alam ko lang na napakaantipatiko pala ng matandang manggagamot na hinahanap namin di

sana nagbaon ako ng tatlong kilong pasensya,” aniya habang hinahalo ang mainit na sabaw.

Hinipan niya muna iyon bago dahan-dahang tinikman. Napapikit siya nang malasap ang pinakamasarap na corn soup na natikman niya sa buong buhay niya. O baka dahil pagod at gutom lang siya: *PaguTom*.

“Pero masarap talaga,” komento niya. “Ang fresh ng chicken...” Nagsitilaukan ang mga manok sa labas ng bahay. “Kaya pala fresh.”

Matapos maubos ang pagkain ay sunod niyang kinuha ang Mefenamic capsule na katabi ng isang basong tubig. Bigay rin ng lalaking walang pangalan ang gamot at binilinan siyang inumin agad iyon kung hindi niya matiis ang kirot ng mga pinsala niya.

*Huwag ko kaya 'tong inumin para matagalan ang paggaling ko?*

Napahagikgik si Melody sa naisip.

*Kailangan kong mai-text si Jude, siguradong hahanapin ako n'on kapag napansin na wala ako sa tent...*

Hospital bed ang hinihigaan niya. Sinilip niya kung gaano kataas iyon. Halos atakihin siya sa puso nang lumitaw ang malaking ulo ng itim na asong si Baki sa ilalim ng kama niya.

“Kayo talagang dalawa ng amo mo, papatayin n’yo ’ko!” sita niya sa aso. “Pero patatawarin kita ngayon, kasi dahil sa paghabol mo sa ’kin nakarating ako dito...” bulong niya sa aso habang nakangisi.

Madaling araw na nang pasimpleng lumabas ng napakalaking tent ni Melody.

Hindi siya makatulog dahil sa labis na kagustuhang matagpuan ang misteryosong manggagamot sa bundok kaya nagdesisyon siyang ipagpatuloy ang paghahanap dito nang mag-isa. Medyo minalas nga lang siya dahil umulan habang naglalakad siya sa madamong paligid. Pagkuwa’y lumitaw sa harapan niya ang pinakamalaking asong nakita niya sa buong dalawampu’t limang taon na nabubuhay siya.

Tinahulan at inangilan siya ng mala-halimaw na aso kaya wala siyang nagawa kundi ang tumakbo. Tumakbo siya nang tumakbo hanggang sa madulas siya sa gilid ng bangin kung saan siya natagpuan ng albularyong hinahanap niya.

Napangiti si Melody. Umaayon talaga sa kanya ang tadhana. Ang lahat ng galos at sugat na natamo niya ay balewala kapag nakuha niya ang scoop na ito. Ito ang dokumentaryong magdadala sa kanya sa spotlight.

Pero bago ang lahat ng iyon, kailangan niya munang maabisuhan si Jude. Kailangan niyang magmadali at baka hinahanap na siya ng camera man niya.

Humugot siya ng hininga at muling sumilip sa ilalim ng kama. Kailangan niyang makababa, pero paano? Parang nakita niya ang cellphone niya sa plastic bag na itinuro ng lalaki. Kung tawagin na lang kaya niya ito at ipaabot dito? At paano kung walang signal dito sa bundok na ito?

Muntik na siyang mahulog sa kama nang lumabas ang aso mula sa ilalim niyon. Mabuti na lang at may sumalo sa kanya.

“Kasalanan ng aso mo!” Umirap siya sa lalaki.

Sa pagbuntong-hininga nito ay naramdaman niyang nakalapat pala sa matigas nitong dibdib ang mga palad niya. Napakunot-noo siya sa kakaibang pakiramdam na gumapang sa buong katawan niya.

Napakagat-labi siya.

*Macho pala ang matandang ermitanyo?* Ibababa niya pa sana sa tiyan ang mga kamay nang tumikhim ito.

“Ano ba’ng balak mong gawin? Kanina pa kita napapansin na nagbabalak bumaba sa kama.” Maingat siya nitong ibinalik muli sa kama. “Kukunin

mo ba ang gamit mo?”

“O-oo sana...”

“Bakit hindi mo na lang ipinaabot sa 'kin?”

*Oo nga naman, bakit ba kasi ang OA ko mag-isip? Dapat natural lang! Baka mamaya mahalata pa 'ko nito.* Ngumiti siya sa lalaki kahit hindi niya nakikita ang mukha nito. Hindi kasi talaga ito humaharap sa kanya at ang haba pa ng buhok. “Kasi parang busy ka, nakakahiya naman.”

Umiling lang ito. Kinuha nito ang plastic na pinaglalagyan ng mga damit niya at iniabot sa kanya. “Yung belt-bag mo nand'yan sa loob, hindi ko binuksan.”

Tumangu-tango siya.

*Mabuti naman,* aniya sa isip. Dahil kung binuksan nito ang beltbag niya ay baka makita nito at makilala ang mga devices na ipinahiram sa kanya ni Jude para magamit sa documentary nila. Mabubulilyaso pa ang plano niya.

Nang muling lumabas ang lalaki ay saka niya kinuha uli ang cellphone. Mabuti na lamang dahil waterproof ang beltbag niya kaya hindi nabasa ang mga importanteng gadgets niya sa loob.

Pero ayaw mag-send ng mga ipinapadala niya kay Jude. “Shit! Wala ngang signal?”